2018 Don Carlos Palanca Memorial Award for Literature
Maikling Kuwentong Pambata sa Filipino

Buod

Ang kuwento ay batay sa pamahiing Pilipino na naglalagay ng sisiw sa ibabaw ng kabaong upang makonsensiya ang isang kriminal o maysala. Sinusundan nito ang kuwento ng isang sisiw at paunti-unting inilahad sa kuwento ang dahilan ng kamatayan ng batang si Reymark— natamaan siya ng ligaw na bala habang may operasyong Tokhang sa looban. Ayon sa Children's Legal Rights and Development Center, 31 na menor de edad na ang napapatay ng mga pulis at vigilante simula nang ipinag-iibayo ang "war on drugs" at 26,415 na bata naman ang sumuko na sa pulisya na kasangkot sa paggamit at pagbebenta ng droga (South *China Morning Post,* 16 April 2017). Pinaniwala ng kaniyang magulang na makapangyarihan ang kaniyang siyap. Ginampanan niya nang mahusay ang pagsiyap upang makamit ang katarungan sa extrajudicial killings (EJK) na talamak ngayon sa lipunang Filipino, partikular na sa mga maralitang tagalungsod. Pangahas ang kuwento upang imulat ang mga batang mambabasa sa peligro at lagim ng paligid. Nagsisilbi itong panawagan upang itanghal ang mapayapang resolusyon ng mga suliraning panlipunan. Naglalayon itong ilahok ang bata sa mga usapin at maging kabalikat tungo sa ligtas at makatarungang bansa.

# Siyap ng Isang Sisiw

Apat na sisiw ang napisa sa bakurang iyon sa looban. Tuwang-tuwa sina Tatang Tandang at Inang Inahin dahil maliliksi ang mga ito at malalakas kung sumiyap. Hindi man pinahalata, paborito ng Tatang Tandang ang isa dahil sa matinis nitong siyap. Sa tainga ng mga tao, wari itong musika. Pero sa isang Tatang Tandang, palatandaan iyon na magiging maestro sa pagtilaok ang kaniyang sisiw sa pagtanda.

Ilang araw ang lumipas, ginagaya ng mga sisiw ang kanilang magulang. May mga sisiw na mahilig sumilong sa lilim. May ibang naiinip na lumaki ang kanilang pakpak.

Ang ibang kapatid ng sisiw ay nagsasanay na sa pagkahig sa lupa. Ang iba'y naghahanap ng makakain sa ilalim ng bato o sa bunton ng mga tuyong dahon.

Naiiba ang sisiw na iyon dahil nais na agad niyang makatilaok. Nais niyang maging bida sa looban. Gusto niyang maging tagagising ng nahihimbing na pamayanan. Sinasabayan niyang gumising ang kanilang Tatang Tandang upang hintaying kumalat ang liwanag sa umaga. Kapag nagiging matingkad na kahel na ang dakong silangan, pilit siyang tumitilaok ngunit siyap naman ang maririnig. "Sisiw ka pa," alo sa kaniya ng Inang Inahin. "Balang-araw, maririnig ng mundo ang iyong tilaok."

* * *

"Nag-iba na ang panahon ngayon." Lagi itong tilaok ng kaniyang Tatang Tandang nang napapadalas ang putukan sa paligid. Napipintahan ng pula ang lansangan—sa nanggigitatang bangketa, sa harap ng tindahan, sa may ihawan, sa madilim at mapanghing kanto. Mag-uumpukan ang mga tao sa paligid at pagmamasdan ang mga humahagulgol. "Kinatay siyang parang hayop!" hiyaw ng naglulupasay na ina.

Wala nang naglalarong mga bata sa lansangan. Kapag sasapit na ang dilim, magsisiuwian na sila. Hindi na nila nasisilayan ang liwanag ng buwan at ang napupunding mga bituin.

Nabubulabog ang looban kapag may mga putukan. Mula sa madilim na kanto, hahagibis ang motorsiklo ng Kamatayan. Tututukan ang itinuturong salarin. "Bang!" Hindi mabilang na "Bang! Bang! Bang!"

At nagmantsa ang pula sa lupa. Sasabog ang puti sa hangin. Paliligiran ng dilaw na kurdon ang munting sulok na iyon.

Bago pa man takluban ng kumot ang nakahandusay, kakalat ang amoy ng pulbura. Nang madaling-araw na iyon, nabingi ang sisiw sa bulung-bulungan.

"Napagbintangan ang bata."

"Nanlaban daw kasi."

"Nadamay lang siya."

Nagising ang looban hindi sa tilaok ni Tatang Tandang kundi sa wangwang ng pulis.

"Anak," sabi sa kaniya ng Tatang Tandang, "sana'y ikaw ang kanilang mapili."

"Mapiling ano?" pagtataka ng sisiw.

"Malalaman mo. Marami nang sisiw ang nabigyan ng pagkakataon. Mahalaga ang bawat siyap mo kaya huwag mong sasayangin."

Ang totoo'y paunti nang paunti ang mga sisiw sa looban. Lagi silang hinuhuli upang gampanan ang natatanging tungkulin. Pinipili ang mga sisiw na maamo ang hitsura at matinis ang siyap. Ayaw nila sa masyadong mailap o mabangis. Gusto nila ng mga sisiw na halos ginintuan ang malambot na balahibo, kakulay ng sariwang umaga. Sasakay daw sila sa gintong kahon na pinaliligiran ng mga laso, liwanag, at bulaklak.

Nang hapong iyon, nasaksihan ng sisiw ang pagdating ng itim na sasakyan. Naglabasan ang mga miron. Maingat na lumitaw ang gintong kahon. Humahagulgol ang kababaihan. "Ganyan pala tumilaok ang mga tao," sabi ng sisiw sa sarili.

Sinalubong ng sisiw ang paparating na mga paa't binti.

Tumingala siya sa isang lola. "Kunin mo ako," siyap ng sisiw. "Ako ang kunin mo."

Dahil hindi sanay sa maraming tao, nabulabog ang iba niyang kapatid na sisiw. Nagtago ang ilan sa madilim na sulok. Humaba ang leeg ng kaniyang Inang Inahin at Tatang Tandang. Siya na nga kaya ang napili?

Dinakot siya. Hindi pumalag ang sisiw kaya walang dahas ang magaspang na palad. Tinalian siya ng sinulid sa isang binti at saka maingat na inilapag sa ibabaw ng gintong kahon.

Sa wakas, natupad na ang pangarap ng kaniyang Tatang Tandang. Hindi masasayang ang buhay niya.

Pinangarap din niyang maging pansabong gaya ng kaniyang Tatang Tandang. Nangarap siyang masuyong hinihimas ng kaniyang amo pagkaraang tumilaok sa pagkalat ng bukang-liwayway. Magigising kaya ang buong looban sa kaniyang tilaok?

"Ano'ng magagawa mo?" panunukso sa kaniya ng kalapating ligaw. "Sisiw ka lang naman."

"Ang taas ng pangarap mo," sabi naman ng ulikba. "Wala ka namang pakpak."

"Kahit sisiw ako," pagmamalaki niyang pangako sa sarili, "may magagawa ako." Buong maghapon niyang inisip ang magiging kapalaran. Matulad kaya siya sa ibang sisiw na nang lumaki'y naging litson at inasal? Kulayan din kaya siya at ibentang tila laruan sa may simbahan? O maging tinola kaya siya kapag natalo sa sabong?

Naalala niya ang laging himutok ng Inang Inahin. "Sawa na ako sa buhay na isang kahig, isang tuka." Tumanda rin kaya siyang pagala-gala, pakahig-kahig, at patuka-tuka lang sa bakuran?

Pagkaraang magmuni, tila siya basang sisiw na nagmukmok sa sulok.

Nagising na lang ang sisiw nang marinig niyang bumuhos ang bigas sa tinatapakang salamin. Hindi siya nagdalawang-isip. Tumuka siya nang tumuka. Bibihira ang pagkakataong lumalapit sa kaniya ang bigas. Ni hindi na niya kailangan pang kumahig sa sukal.

Ito pala ang sinasabing pagkakataon ng kaniyang Tatang Tandang.

Natigil siya nang dumating ang dalawang nakasisilaw na poste ng liwanag. Minsan lang nagliwanag ang loob ng tahanan. Lagi itong madilim at parang walang nakatirang tao. Naisip ng sisiw na baka malito ang kaniyang Tatang Tandang dahil tanghaling-tapat ang lakas ng liwanag. Paano kung magkamali siya sa pagtilaok? Paano kung hindi na magising ang mga nahihimbing?

Ilang saglit pa, paisa-isang dumating ang mga korona ng bulaklak. Ngayon lang nakaamoy nang kakaiba ang sisiw. Amoy malungkot ito gaya ng mga kaluchuchi; amoy mahiwaga ito gaya ng dama de noche.

Nagitla na lang ang sisiw sa hiyaw mula sa labas. “Reymark, anak ko!” hagulgol ng isang babae. Nabingi na lang siya nang lumapit sa gintong kahon ang inang iyon. Walang tigil ito sa kaiiyak. Hindi maintindihan ng sisiw ang hagulgol hanggang sa manghina ang babae at mawalan ng malay.

Si Reymark? Sinilip ng sisiw ang loob ng gintong kahon. Si Reymark nga. Hindi niya halos makilala ang batang lagi niyang kalaro. Kakaiba ang suot nitong napakagara. Makinis ang mukha nito at wari bang pumuti. Hindi niya maaninag ang makikinang nitong mata dahil nakapikit ang bata.

Lagi silang naghahabulan ni Reymark sa may bakuran at bangketa. Paborito siyang alaga sa kanilang mag-anak. Minsan na siyang biniro nito na gagawin siyang pansabong.

Tandang-tanda pa ng sisiw na siya lamang ang binigyan ng pangalan ni Reymark. “Mula ngayon, tatawagin kitang Dayyeng,” sabi ng bata sa alagang sisiw. “Hindi kita pababayaan.” Iyon din ang nais ipangako ng sisiw sa bata pero isang siyap lang ang nairinig nito. Natuwa naman ang bata dahil akmang-akma ang ibinigay niyang pangalan sa sisiw—Dayyeng, isang huning marikit.

“Masuwerte ka at nabigyan ka ng pangalan,” sabi sa kaniya ng Tatang Tandang. “Hindi lahat ng sisiw ay may pangalan. Ibig sabihin, magiging alaga ka niya.”

Totoo ang sinabing iyon ng Tatang Tandang. Tanging si Dayyeng lang ang may pasalubong na patukang mais, giniling na binhi, at darak kapag umuuwi mula sa paaralan si Reymark.

Sa lahat ng mga sisiw, siya lang ang hinihimas-himas ng kaibigang si Reymark. Lagi siyang kinukuwentuhan ng mga natutuhan niya sa paaralan—mga bagong laro, bagong alamat, at bagong salita. Naikukuwento rin ng bata ang kaniyang ambisyon kapag lumaki na siya: “Gusto kong maging kapitan ng baranggay. Gagawin kong malinis at maayos ang ating lugar.” Minsan, isinasama siya sa mga lakad ng bata habang nakaangkas siya sa balikat nito.

Ngayon, nasa gintong kahon ang batang si Reymark. Tumuka nang tumuka sa salamin ang sisiw para gisingin ang kalarong bata. Tuka, tuka, tuka. Kung marunong lang siyang tumilaok, ginawa na niya upang bumangon at gumising ang bata.

Sabi ng matatandang manok, makapangyarihan ang siyap ng isang sisiw. Nang nagmadaling-araw, nang halos wala nang nakikipaglamay at naiidlip na ang ilang kamag-anak, nilapitan ang sisiw ng kaniyang Tatang Tandang. Malumanay itong tumilaok.

Nagulat ang sisiw. Napatingin siya sa nakapatong na kuwadro ng larawan ni Reymark sa gintong kahon. Nakangiti itong parang nang-aasar sa bagong-gising na sisiw. Natanaw niya ang Tatang Tandang sa may bintana. Buong pagmamalaki siyang bumangon.

"Tatang, tingnan mo ako," sabi ng sisiw. "Natupad na rin ang pangarap mo sa akin."

"Anak," sabi ng Tatang Tandang, "pag-igihan mo na ang pagsiyap. Huwag kang mahihiya sa mga tao. Dalasan mo lalo na kapag may mga nakikiramay."

"Bakit? Ano'ng mayroon sa siyap ko?" pagtataka ng sisiw.

"Bawat siyap mo ay may kakayahang kalabitin ang konsensiya ng maysala."

"Maysala?" lalong nalito ang sisiw.

"Kailangang may managot sa nangyari," malungkot na pahabol ng Tatang Tandang. "Kailangan ng katarungan ng kaibigan mong si Reymark."

Umandar ang guniguni ng sisiw. Sa kaniyang isipan, kahig na matutulis ang kaniyang siyap. Aabot ito sa pinakasulok na pinagtataguan ng mga nambaril. Walang takas ang mga ito sa siyap ng munting sisiw. Mababagabag ang kanilang isipan. Hindi patutulugin ang kanilang konsensiya hangga't hindi sumusuko o hihingi ng kapatawaran.

"Nadali si Reymark," paliwanag ng Tatang Tandang. "Natamaan siya ng ligaw na bala."

Sa musmos niyang gulang, hindi batid ng sisiw ang kahulugan ng napatay. Napakabata pa niya upang maintindihan ito. Naiidlip lang ba ito? Mahaba ba itong pagtulog? Kailan gigising si Reymark? Mas gusto ba nitong managinip kaysa harapin ang mga bisita?

Nakiusap pa ang kaniyang Tatang Tandang. "Saluhin mo ang mga patak ng luha. Bawal mapatakan ang salaming tinutuntungan mo."

"Opo, Tatang," tugon ng sisiw. Mas maigi na iyon kaysa maghapong pagkahig sa lupa na wala man lang matuka kundi isang payat na bulate.

"Mahalaga ka," pamamaalam ng Tatang Tandang. "Iyan ang tungkuling dapat mong ikarangal."

"Kahit ako'y isang sisiw lamang?"

"Kahit ika'y sisiw pa," pagdidiin ni Tatang Tandang.

Lumipas ang araw ng pagluluksa. Hindi naglaon, nagkakarinigan na ang mga sisiw sa kanilang pagsiyap. May lamay din sa isang kanto. May bagong dating na gintong kahon sa kabilang kalye. Kanina, may nagmantsa na namang pula sa isang eskinita pagkatapos lumitaw ang Kamatayang nakamotorsiklo.

Kasabay ng pagsiyap ang mga palahaw, hagulgol, at hikbi. Naging pamilyar din sa sisiw ang isinisigaw ng mga namatayan.

"Bakit siya pa?"

"Napakabata pa niya."

"Hindi siya nagtutulak."

"Anak ko! Ipaghihiganti kita."

Nang makalikom na ng sapat na abuloy para may maipambayad sa pagpapalibing, dumating ang itim na sasakyan. Umaawit ito ng isang malungkot na pamamaalam. Nawala na ang mga mesa sa bakurang dating palaruan nilang mga sisiw. Nagkalat sa sahig ang mga balat ng nilagang saba, mani, at butong pakwan.

Mula sa malayo, tanaw ng sisiw ang kaniyang Tatang Tandang, Inang Inahin, at mga kapatid na sisiw. Malulungkot ang mata nila. Parang ihahatid na rin siya sa isang lugar at hindi na muling babalik pa.

"Paalam," mahinang siyap ng sisiw.

Ramdam ng sisiw na umangat ang gintong kahon. Mahinahon ang andar. Pakiramdam niya'y nakalilipad na siya.

Sandali siyang nakulong sa loob. Pagbukas, nasa ibang lugar na siya. Pagtingala, nakita niya ang lalaking nakapako sa krus at ang mga babaeng tahimik na humahagulgol. Biglang sumaboy ang mga patak. Luha ba iyon? Hindi niya ito nasalo, gaya ng naipangako niya sa Tatang Tandang.

Nilakasan niya ang kaniyang siyap. Siyap para mabagabag ang maysala. Siyap para makonsensiya ang namaslang. Siyap para mawakasan na ang pagpipinta ng pula sa mga lansangan.

Hindi malilimutan ng sisiw ang pangaral sa kaniya ng Tatang Tandang: "May tungkulin kang mahalaga. Tuparin mo iyon at ikarangal."

Biglang umulan ng mga talulot ng bulaklak. Nagsalitan ang mga mukhang namamaalam kay Reymark. "Saan ba kami pupunta?" pagtataka ng sisiw.

Tuluyan nang nagsara ang gintong kahon. Nagdilim. Nais matakot ng sisiw kung hindi lang niya kasama sa loob ang bata. Patuloy siya sa pagsiyap habang lumulusot ang

gintong kahon sa loob ng nitso. Sa pagitan ng pagsiyap, tumutuka siya sa salamin upang gisingin ang kaibigang batang si Reymark.

Isang siyap at nakikita na ng sisiw na nakaposas ang Kamatayang nakamotorsiklo.

Isang siyap at nakikita niyang nasa kulungan ang maysala, nagsisisi sa kaniyang mga ginawa.

Isang siyap at nakikita niyang naglalaro muli sila ni Reymark sa bakuran, may dala itong pasalubong na darak, giniling na binhi, at mais.

Isang siyap at muli niyang makakapiling ang Tatang Tandang, Inang Inahin, at ang mga kapatid na sisiw sa dakong iyon ng looban.

Isang siyap at nakikita niyang lumaking mabuting binatilyo si Reymark. Nagtatapos siya ng kaniyang pag-aaral sa haiskul. At siya naman, hindi na sisiw, kundi isa nang Tandang. Malakas ang kaniyang tilaok na kayang gumising ng buong baranggay.

Siyap, matinis na siyap. Walang-tigil na siyap. Tinakpan man ang nitso ng marmol na lapida, dinig ng ilang nakipaglibing ang mataginting na siyap ng isang sisiw.